

Binago ng Setyembre 7, 2022

Mahal naming mga Administrador ng Paaralan sa Santa Clara County,

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas upang makapagpatuloy ang mga bata sa personal na pag-aaral. Talagang pinapahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na baguhin ang mga kapaligiran ng inyong paaralan at ang pang-araw-araw na gawain upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makaligtas ng mga buhay.

Paghihiwalay mula sa Paaralan

Ayon sa California Department of Public Health (CDPH), ang mga taong may mga sintomas ng COVID-19 o nasuring positibo sa COVID-19 ay dapat atasan na manatili sa bahay at **hindi dapat** personal na dumalo sa paaralan o sa trabaho.

Kapag nalaman na ang empleyado o estudyante ng paaralan ay inatasan na magbukod o magkuwarantina, hinihikayat kayo na magbigay ng access sa sick leave, telework, suporta sa distance learning, at iba pang mga akomodasyon, na hindi mangailangan ng indibidwal na dokumentasyon mula sa isang doktor o nars.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Paaralan Pagkatapos Magkaroon ng mga Sintomas ng COVID-19

Kung ang estudyante o kawani ay may mga sintomas na katulad ng COVID-19 na maaaring karaniwan sa iba't ibang mga sakit, ang taong iyon ay dapat ihiwalay mula sa paaralan hanggang masuri. Hinihikayat ang mga pamilya na magbigay ng mga resulta ng pagsusuri sa paaralan.

Ang mga indibidwal na nasuring *positibo* sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng dokumentasyon ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri para ipahiwatig ang kanilang pangangailangan sa paghihiwalay mula sa personal na pag-aaral sa panahon ng kanilang pagbubukod.

Kung ang resulta ng pagsusuri ay *negatibo*, ang estudyante o miyembro ng kawani na may sintomas ay dapat manatili sa bahay hanggang 24 na oras na ang nakalipas mula ng paggaling ng anumang lagnat (na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat) at bumuti ang iba pang mga sintomas. Ang mga negatibong resulta ng pagsusuri ay maaaring ibigay sa paaralan upang mapadali ang pagbabalik sa silid-aralan.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Paaralan Pagkatapos Masuring Positibo sa COVID-19

Ang kawani o mga estudyanteng nasuring positibo sa COVID-19 (anuman ang katayuan sa pagbabakuna, dating impeksiyon, o kawalan ng mga sintomas) ay maaaring bumalik sa paaralan kung:

- hindi bababa sa 5 araw na ang nakalipas mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas (o, kung walang mga sintomas, hindi bababa sa 5 araw simula ng petsa na nakolekta ang kanilang positibong pagsusuri sa COVID-19), AT
- kung may mga sintomas, bumuti na ang kanilang mga sintomas, AT

- hindi bababa sa 24 na oras na ang nakalipas mula sa kanilang huling lagnat, na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat, AT
- negatibo ang nakolektang pagsusuri* sa COVID-19 sa ika-5 araw o mahigit pa.

*Kapag nagpapasuri para matapos ang pagbubukod, inirerekomenda na gumamit ng antigen test (madalas na tinatawag na rapid test).

Kung hindi sila pumapayag o hindi makapagpasuri sa ika-5 araw o mahigit, pa dapat silang patuloy na magbukod hanggang sa ika-10 araw. Ang 0 na araw ay ang petsa na nagsimula ang sintomas (o petsa ng unang positibong pagsusuri, kung walang mga sintomas). Kung mayroon pa ring lagnat sa ika-10 araw o ang iba pang mga sintomas ay hindi bumubuti, ipagpatuloy ang pagbubukod hanggang wala nang lagnat ng 24 na oras at bumubuti ang mga sintomas.

Mariing inirerekomenda ng CDPH ang pagsusuot ng maskara kapag may kasamang iba hanggang ika-10 araw. Ang kawani ay dapat sumangguni sa mga karagdagang kinakailangan ng [Cal/OSHA](#).

Mga Patnubay para sa mga Estudyante at Kawani na Nalantad sa COVID-19

Sa pangkalahatan, ang mga estudyante at kawani na mga [nakipagsalamuha nang malapitan](#) sa isang kaso ng COVID-19 AT walang mga sintomas ay maaaring manatili sa paaralan, ngunit dapat silang magpasuri 3-5 araw pagkatapos ng pagkakalantad. Sila ay mariing inirerekomenda rin na magsuot ng maskara ng 10 araw kapag malapit sa iba. Kung nagkaroon ng mga sintomas, magbukod at magpasuri kaagad. Ang ilang iksemsiyon at iba pang pagsaalang-alang ay maaaring nalalapat.

Tingnan ang [Patnubay sa COVID-19 ng Pamublikong Pangkalusugan para sa mga Paaralang K-12](#) ng CDPH para sa karagdagang impormasyon. Ang kawani ay dapat sumangguni sa mga karagdagang kinakailangan ng [Cal/OSHA](#).

Pagsusuri

Ang antigen tests (kadalasang tinatawag na *rapid tests* o *at-home tests*) ay inirerekomenda bilang pangunahing pagpipilian upang matuklas ang COVID-19 sa mga paaralan, lalong lalo na kung nagpapasuri upang tapusin ang pagbubukod. Ang PCR test, antigen test, o alinmang Over-the-Counter at-home test ay tinatanggap para sa pagsusuri sa COVID-19.

Ang mga nakipagsalamuha nang malapitan na nahawaan ng SARS-CoV-2 sa loob ng 90 araw bago ang kanilang kasalukuyang pagkakalantad ay hindi kailangang magpasuri maliban kung nagkaroon sila ng mga *bagong* sintomas ng COVID-19.

Mga Medikal na Sulat at Clearance

Pareho ang CDC at ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) **ay hindi naghihikayat sa mga employer at mga paaralan na mangailangan ng isang medikal na sulat mula sa isang doctor o healthcare provider para sa clearance upang bumalik sa trabaho o paaralan pagkatapos ang isang indibidwal ay nagkaroon ng COVID-19.** Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at estudyante at kanilang mga healthcare provider. Ang mga empleyado at estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado o estudyante na nagkaroon ng, o nakasalamuha nang malapitan ng isang taong may COVID-19 ay maaaring mag-print ng sulat na ito upang: 1) ipahiwatig ang pangangailangan na magbukod (kapag may kasamang isang positibong resulta ng pagsusuri), 2) ipakita ang katunayan na maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (higit na idinetalye sa sccgov.org/schools).

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang ating komunidad.